# SUPPLEMENTAL LESSONS

## Filipino Baitang 8
## Ikatlong Markahan

REX iNTERACTIVE
The online educational portal
for teachers, students, and parents

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

# Ikatlong Markahan Baitang 8
# Supplemental Lesson Plan

## Panitikang Bisaya: Repleksiyon ng Kabisayaan

**Aralin 1: Mga Pang-abay na Kataga o Ingklitik**

**Teksto:** Walang Sugat (Sarsuwela) ni Severino Reyes

**A. Panimula**

Ipakita sa klase ang kalendaryo, ispesipiko ang buwan ng Pebrero. Itanong sa kanila kung ano ang bagay na naiisip nila kapag dumarating na ang buwan ng Pebrero.

Magkaroon ng maikling talakayan at palitan ng opinyon ang klase tungkol sa buwan ng Pebrero.

**B. Katawan**

**1. Pagbasa**

Ang babasahing ito ay ginawa nang gawaing-bahay para sa mga mag-aaral. Maaaring simulan ang talakayan sa pamamagitan ng pagtawag sa ilang mga mag-aaral upang magbahagi ng kanilang nauunawaan sa binasa sa pamamagitan ng paggawa ng buod.

**Walang Sugat**
(Sarsuwela)
ni Severino Reyes

*Sa akin pong dibdib ay hindi umusbong*
*ang gawang maglilo sa inang nag-ampon.*
*– Julia*

Ikatlong Bahagi
**Tagpo I**
(Bahay ni Julia – Lukas at Julia)
**Salitain**
**Lukas:** Tao po, tao po…
**Julia:** Lukas! Lukas, ano, kailan ka dumating?
**Lukas:** Ngayon pa lamang.
**Julia:** Nakita mo ba siya?
**Lukas:** Opo.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pagkaunawa sa ingklitik bilang isang anyo ng pang-abay

**Pamantayang Pagganap:**

Nakapagbibigay ng sariling opinyon at palagay tungkol sa binasang akda

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nauunawaan at naipaliliwanag ang kahulugan ng binasang akda
2. Naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa mga kasabihan sa mga pangyayari sa buhay
3. Nagagamit nang wasto sa pagbibigay ng sariling opinyon ang mga ingklitik

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

**Julia:** Naibigay mo ang sulat ko?
**Lukas:** Opo.
**Julia:** Ang sagot?
**Lukas:** Wala po.
**Julia:** Bakit?
**Lukas:** Dahil po sa nag-anyong magtatala ng kasagutan, ay siya namang pagdating ng kalaban.
**Julia:** Ng kalaban! Kung ganoo'y napapalaban si Tenyong? Hindi kaya masugatan? Kaylaking panganib.
**Lukas:** Nang umalis po ako doo'y parang nagbubusang mais: ako po'y pinauwi agad ng Kapitang Tenyong baka raw sampung ako'y mapahamak pa, ay walang makapagbalita sa inyo; kung sa bagay po, ako'y natatalagang tumulong sa kanila, sapagka't ako po'y hindi natatakot sa putok, totoong ibig na ibig ko ng putukan.
**Julia:** Ikaw nga e, hindi ka pa tumutulong sa kanila eh.
**Lukas:** Ayaw po nila e.
**Julia:** Ano ba ang bilin sa iyo?
**Lukas:** Sabihin ko raw sa inyo na siya'y uuwi na.
**Julia:** Maasahan ko, okay?
**Lukas:** Marahil po; liban lamang na siya'y magkakaroon ng ligamgam. Ako po'y aalis na.
**Julia:** Oo, Lukas, ako'y marami nang utang sa iyo.
**Lukas:** Huwag po kayong mag-alala. (Papasok si Lukas at lalabas si Miguel)

**Tagpo II**
(Julia at Miguel)
**Salitain**
**Miguel:** Julia, Julia; salamat at ngayo'y mapapanood ko na ang liwanag ni Pebo.
**Julia:** Naririto na naman ang ulol na ito; babanggitin na naman nito ang buwan, araw, at mga bituin pagkatapos ay susunod pa mandin ang hamog at parang, ang ulan at alimuom, ang huni ng ibon at ...
**Miguel:** Bakit ba ako'y ayaw mong sagutin? Oh, talang maliwanag, daig mo pa ang araw, na bagong sumisikat!
**Julia:** Miguel, masakit na totoo ang ulo ko, huwag mo akong kausapin: damdam ko'y makarinig lamang ako ng salitaan ay parang nginangatngat ng aso ang ulo ko, at ang kumakausap sa akin ay ibig kong...
**Miguel:** Ah, salamat, at ako nga'y iniibig mo na; oh, marikit na Benus!
**Julia:** At bakit, sino ang maysabi sa iyo?
**Miguel:** Dahil sa wika mong ang kumausap sa iyo'y ibig mo na.
**Julia:** Ha, ha, ha; ulol nga pala. Ang kumausap sa akin ay ibig ko nang dikdikin, nalaman mo ba, Marteng matapang? (Sarili) Ako'y si Benus, siya'y si Marte, kulang na lamang ng engkanto.
**Miguel:** Ah!
**Julia:** (Sarili) Tenyong nilimot mo na ako!
**Miguel:** Julia, Julia!


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**Musika**

**Miguel:** Julia niyaring dibdib, Juliang aking ibig, nasa ko'y masilip, ganda mo't dikit.
**Julia:** Anong dikit?
**Miguel:** Ikaw'y iibigin sa puso'y nakatanim, di ka lilimutin, magpahanggang libing!
**Julia:** Libing!
**Miguel:** Magtigil ka, ako'y yamot na yamot huwag akong kakausapin pa, punong-puno ang aking tainga. Ulo ko'y masakit, dibdib ko'y nagsisikip, huwag nang makabuwisit, umuwi't na't lumigpit. Ako ay lubayan, ng salitang mangmang, ikaw'y di tatahan, hanggang hindi ko iwan. Dami mong salita, hindi ka na nahiya. Isara mo na ang bibig, umirin mo na ang dila, masahol ka sa bata, walang pakiramdam, wari may bumbunan, walang gunam-gunam.
**Miguel:** Binayaran ko na ng maraming pilak ang lahat ng tawag, makasal lamang agad. Buhat sa simbahan tuloy sa pantalan. Sa bapor lululan, sa Maynila ang hanggan, at doon gaganapin, panahon ng lambing, luna de miel mandin, kung ito'y tawagin. Doon tayo sa simbahan ng pari'y babasahan noong kay San Pablong liham, at tuloy kakandilaan, At tayo'y mabubuhay, sa magaling malagay, may tahanang bagong buhay.

**Tagpo III**
(Sila rin at si Juana)
**Salitain**
**Juana:** Miguel, bakit si Julia'y umiiyak, at nagmamaktol; inano mo ba?
**Miguel:** Wala po; kinakausap ko po lamang ay pumadyak-padyak na't ako'y nilisan.
**Juana:** Juliaaaa, Juliaaaa!
**Julia:** Ano po iyon?
**Juana:** Bakit kinakausap ka lamang ni Miguel ay nagalit ka na?
**Julia:** Sinabi ko na pong ako'y huwag niyang kakausapin at totoo lamang masakit ang ulo ko, ay lalo pa akong kinausap; ako raw po'y Pebo, Tala, Benus, at dami pong sinasabi.
**Juana:** Ganoon, pala naman eh. Julia lamang ang itawag mo sa kaniya; huwag mo siyang pagwiwikaan ng Pebo at tila Bangus...
**Julia:** (Sarili) Nakapagsumbong pa ang tunggak!
**Juana:** Ang tatang mo'y hindi ba paparito?
**Miguel:** Patungo na po rito, dumaan po lamang sa bahay ni Piskal Manuel.
**Juana:** Baka naman kung ano-ano pa ang gagawin ng tatang mo; huwag na sanang magbasag-ulo, ang yano ay mainam pa sa mata.
**Miguel:** Hindi po maaari, si Tatang po'y ayaw kundi engrandeng-engrande. Pasisindihan daw po sa lahat ng simbahan, at sisita pa raw ng orchestra.
**Julia:** (Sarili) Aba't mga manununog pa. (Papasok si Julia)

**Tagpo IV**
(Sila rin at si Tadeo)
**Salitain**
**Miguel:** Ah, narito na po si Tatang!

**Tadeo:** Ano balae, hindi ba nagkakasakit?
**Juana:** Mabuti po't wala namang nagkakasakit sa amin. At kayo po, kumusta naman?
**Tadeo:** Mabuti, paris din ng dati, si Miguel lamang ang parating sinisinat.
**Juana:** Baka po iyan ang tinatawag na lagnat-laki? Malabis po ang paghaba ng batang iyan, kakahapon lamang... nakikita kong tatakbo-takbong walang salawal; para pong binubunot ang paglaki.
**Tadeo:** Buhat ba noong isang Sabado de Gloria, na hindi ko na maalala kung anong taon, na pagkadinig ko ng dupikal ng kampana ay binitbit ko sa dalawang tainga at pinalundag ko ng pinalundag ay humaba ang batang iyan. Si Julia?
**Juana:** Nariyan po. Juliaaa! (Lalabas si Julia.)
**Julia:** Ano po, Inang?
**Juana:** Tinatanong ka ng bibiyenanin mo.
**Tadeo:** Iha, nalalaman mo na, ibig ko'y ikaw ang pipili ng damit mong bibilhin...
**Julia:** Opo. (Sarili) Kaybigat ng dugo ko sa matandang ito. Mukha ngang manununog.
**Tadeo:** Balae, ako sana'y may ipakikisuyo ako sa iyo na isang munting bagay.
**Juana:** Magsabi ka po't kung makakaya din lamang, ay nalaman mo na pong ang mga kahilingan mo'y utos na ginaganap.
**Tadeo:** Yayamang handa na ang lahat, ay huwag nating hintayin pa ang ika-25, sa araw ng Sabadong darating ay idaos na natin ang mga bunso.
**Julia:** (Sarili) Ano ang narinig? Ibig pang pabilisin ang pagsapit ng malabis na kamatayan? Mga walang-awa!
**Juana:** Tatanungin ko po si Julia, kung gayak na ang loob niya... Julia, ipinakikiusap ng bibiyenanin mo na huwag na raw hintayin pa ang ika-25, yayamang handa nang lahat ay gawin na natin ang pagtatao sa araw ng Sabado.
**Julia:** Inang, sabihin mo po sa kanila na antabayanan na ang araw na pinagkasunduan at bakit ba madaraan sa madalian? (Sarili) Si Tenyong, hindi na dumating!
**Juana:** Siya nga po naman, maghintay na tayo.
**Tadeo:** Miguel, maghintay na. Ikaw ay umuwi na't dumaan ka kay Piskal Manuel, sabihin mo sa kaniya na hindi na matutuloy sa Sabado.
**Miguel:** Ako po'y yayaon na... Adyos Julia!
**Julia:** Adyos! (Galit. Aalis si Miguel at Julia.)

**Tagpo V**
(Juana at Tadeo)
**Salitain**
**Tadeo:** Balae... ako'y... ako'y
**Juana:** (Sarili) Aba... masama... Ano ka po?
**Tadeo:** Ako'y may sasabihin sa iyo, huwag kang magagalit, ha?
**Juana:** Bakit po ako magagalit?
**Tadeo:** Huwag kang tatawa.
**Juana:** Ano bang daming bilin? Hindi po ako magagalit at hindi tatawa. Nguni't kung katatawanan po ang sasabihin mo'y paanong di ako matatawa? At bakit po ako'y ayaw mong patawanin, ako po ba'y kukunan mo ng larawan?
**Tadeo:** Hindi, sapagka't ang larawan mo'y narito na sa puso ko!

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**Juana:** Aba, daig mo pa ang binata kung magsalita! Ituloy mo po, dali-dali't ako'y matatawa na.

**Tadeo:** Juana, tantuin mo ang pagsasalaysay ko; ikaw'y walang anak kundi si Julia lamang, na malapit ka nang iwan, samakatuwid ikaw ay mapag-iisa na't sa iyo'y wala nang titingin... Ako nama'y wala nang anak kundi si Miguel lamang, na malapit nang ako'y lisanin, mapag-iisa na ako't sa akin nama'y wala nang titingin. Sa bagay na ito, di ang nauukol at nararapat na gawin ay ang...

**Juana:** Ang ano po?

**Tadeo:** Ang dalawang pinag-iwan ay siyang dapat na magsama at ang sila'y magtinginan… Hindi ba tama?

**Juana:** Tama na po! Ha, ha, ha, mabuti ka pong mag-isip ng kagamutan, ngunit tayo po'y totoong matanda na, hindi na po yata maaari ang tayo'y magtinginan… malabo po ang ating mga mata! Ha, ha, ha…

**Tadeo:** Subukin ta, kung malabo na…

**Juana:** Pangahas na matanda… ha, ha, ha…

**Musika**

**Juana:** Di dapat mag-isip ng mga ikabubuwisit, baka may makasilip.

**Tadeo:** Di bawal ang umibig.

**Juana:** Tayo po'y matanda na, wala na tayong postura, kahiya-hiya. (Tawa)

**Tadeo:** Huwag tawanan.

**Juana:** Ha, ha, ha…

**Tadeo:** Kulubot man itong balat, sa mukha ko'y nasasalat, malakas pa ang balikat, ano ma'y mabubuhat.

**Juana:** Baka kita mapintasan.

**Tadeo:** Huwag mo lang tatawanan.

**Juana:** Mga tuhod mo'y tigasan.

**Tadeo:** Matuwid pa itong baywang.

**Juana:** Palalo kang magsalita.

**Tadeo:** Gulang ko'y di mahalata.

**Juana:** Katawan mo'y manlalata.

**Tadeo:** Malapit na akong marapa. Sabay Juana at Tadeo — Kita'y magsamang parang magkapatid, magkapatid ang ugali natin'y puspusin ng bait, ng bait.

**Tadeo:** Alagaan natin, apong maliliit—ipaghele-hele nang maidlip. (Lalabas si Julia)

**Julia:** Inang! Nakita mo na po ba ang baro mong makatong hinahanap noong araw?

**Juana:** Oo nakita ko na.

**Tagpo VI**

(Sa daan – Monica, Lukas, at Julia)

**Salitain**

**Monica:** Mang Lukas, Mang Lukas!

**Lukas:** Ano, Monica?

**Monica:** Manaog daw kayo sandali, narito po si Aling Julia, ibig kayong makausap. (Papasok si Monica.)

**Lukas:** Oo, Monica nariyan na ako, nagsusuot lamang ako ng Amerikana. (Lalabas) Saan naroon si Aling Julia?

**Julia:** Lukas!

**Lukas:** Magandang hapon po, Aling Julia, tila po sa simbahan ang tungo natin?

**Julia:** Oo't ako'y mangungumpisal, hindi mo ba nalalamang ako'y ikakasal kay Miguel?

**Lukas:** Bukas po? At bukas po ba'y ika-25 na?

**Julia:** Oo nga't ngayo'y ika-24 — Monica, ikaw ay umuwi na, sabihin mo kay Inang na ako ay iniwan mo na sa simbahan. Mamayang alas sais ako ay salubungin mo. (Papasok si Monica.)

**Lukas:** Hindi ko na po naalala.

**Julia:** Wala ka bang tinatanggap na balita kung si Tenyong ay namatay na? Katakot-takot na tao iyan, ako'y nalimot na! Binayaan na niyang ako'y maparool!

**Lukas:** Wala nga po akong balita…

**Julia:** Tapos na Lukas! Wala na, si Tenyong ang may kasalanan ng lahat ng ito.

**Lukas:** Hindi ko nga po malaman kung napaano na si Mamang Tenyong.

**Julia:** Ako ay may naisipang paraan, nang maiwasan ko ang sakunang ito.

**Lukas:** Paano po? Sabihin mo po't kung ikaw ay madamayan ko ay…

**Julia:** Ikaw nga ba ang kailangan ko? Ako'y itakas ngayon at ihatid sa kaniya.

**Lukas:** Naku! Hindi po maaari malayo pong totoo ang kinalalagyan nila, at isa pa po'y wala na sila marahil sa mga oras na ito doon sa aking pinag-iwanan sa kanila, sapagkat sinabi ko nga po sa inyo na nang ako'y umalis doon ay kasalukuyang nagpuputukan.

**Julia:** Kung gayon ay wala nang lunas ang malubha kong karamdaman. Mabuti pa Lukas ang ako'y uminom ng lason! Mabuting makalilibo ang mamatay sa ganitong kalagayan!

**Lukas:** Huwag ka pong mag-isip ng papaganoon! Kung wala na pong pag-iwasan, ang mabuti po yata ay…

**Julia:** Ay ano?

**Lukas:** Na sa oras ng pagkakasal sa iyo, at pagdating doon sa tanong ng pari na, "Kung iniibig mo si Miguel" ay sumagot ka ng ubos-lakas na…

**Julia:** Na ano?

**Lukas:** Sabihin mo po ang totoong; "Hindi po!"

**Julia:** Maaari nga ang ganoon, ngunit si Inang! Di pinatay ko sa dalamhati o ako kaya ang pinatay niya ng palo? Sasabihin ko lamang na ayoko ay hinintay ko pa ang oras ng kasal?

**Lukas:** Ay papaano po ang gagawin ko?

**Julia:** Diyos na ang bahala. Mamatay o maging asawa ng kinapopootan! Lukas, ako'y tuloy na.

**Lukas:** Ikaw po'y ihahatid ko hanggang sa simbahan. (Papasok)

**Tagpo VII**

(Monica at Lukas)

**Salitain**

**Lukas:** Monica, saan ka paparoon?

**Monica:** Sasalubungin ko po si Aling Julia.

**Lukas:** Anong dali-daling salubungin?



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**Monica:** Namura po ako ni Aling Juana, eh. Bakit ko raw po iniwan si Aling Julia?
**Lukas:** Mabuti naman! Ngayong oras na lamang ang hinihintay, e pag-iingatan pa.
**Monica:** Ako po'y tutuloy na…
**Lukas:** Hintay ka muna't maaga pa… at bago abutin si Aling Julia ng pagkukumpisal ay panghal ka na sa paghihintay! Kung makita mo ang dami ng mga babaing nangungumpisal ay mahihintakutan ka, nagdidilim…
**Monica:** Wala pong lalaki?
**Lukas:** Wala kahit isa man! Nalalaman mo kung bakit? Dahil sa ang mga lalaki ay banal na lahat, at kung sakali ma't magkamaling magkasala, ay kayong mga babae ang mananagot, dahil sa ang babae lamang ang nagpapasama sa lalaki.
**Monica:** Siya nga po; diyan ka na po't baka ikaw ay mahikayat ko pa."
**Lukas:** Halika't ako'y talaga namang napahihikayat ah…
**Monica:** Salamat po, pahikayat ka na po sa iba.
**Lukas:** Binigla ko naman ah – (Papasok)

**Tagpo VIII**
(Liwasan ng Bayan)
**Koro:** Julia at Miguel, Tadeo, Lukas, mamaya'y isang heneral, kapitang mediko, tenyente, Kapitang Tenyong, Pari Teban, sakristan, kawal, banda ng kawal. (Sa loob) (Musika)
**Mga babae:** Masayang liwayway –
**Mga lalaki:** Na araw na sumilang,
**Mga babae:** Umakit mag-alay – ng tuwang walang lubay. (Lalabas)
**Mga babae:** Ikakasal si Julia kay Miguel na butihin, sa inam na gagawin ay pagtatamasahin; ang abay ay marami, babae at lalaki, makianib na kami, sa tuwa'y babahagi.
**Mga lalaki:** la lara larara… etc. …

**Lukas**
**Sasalitain**
(Lalabas)
**Mga babae:** Narito si Lukas.
**Lahat:** Tanungin na natin siya.
**Mga babae:** Kumusta ka Lukas? Ano ang balita?
**Lahat:** May ikakasal nga ba?

**Kantahin**
**Lukas:** Oo't ikakasal, nalalaman ko na, datapwa't hindi pa maaasahan, baka sakaling umayaw pa si Julia.
**Koro:** Aayaw pa si Julia? Ha, ha, ha, … iyo ring makikita…
**Lukas:** Pakinggan ninyo – (Sasalitain) maraming binatang, pakakasal agad, di na nagtatanong at nagsisiyasat baka roon ay may pusong namugad, kaya karamiha'y tara ri-tarat… wala nang ulo'y lakad nang lakad, nagulat sa kulog ang nakakatulad, tarari-tara-tarari-tara… (Papasok na pahapay-hapay)
**Koro:** Ang ulog, di makatagal, sa pagtakbo'y mabubuwal; talinghagang binitiwan, ginawa pa tayong mangmang. (Darating ang mga ikakasal) Tayo na't magsaya, puso nati'y galakin, mga ikakasal ay narito na nga, sila'y ating salubungin…

**Julia:** Natapos na. Wala na! Matutupad na ang kahilingan ni Inang, matutupad naman ang pagkakamit ko, ng dakilang sala… sa harap ng Diyos at ng kalahatan; ako'y magiging asawa ng di ko ibig… Katawan ko'y kaniya sa habang panahon… datapwa'y ang puso ko'y kay Tenyong magpakailan pa man. Tayo na po Inang! (Lalakad) (Maririnig ang ihip ng korneta) Ah! Ang sigaw ng katuwiran! Ang gibik ng langit! Narito na si Tenyong! Narito na ang magliligtas sa akin.

**Lukas:** Aling Julia, narito na si Kapitang Tenyong: sugatan po!

**Musika**

**Julia:** Ah, narito na siya. Narito na't batbat ng maraming sugat… narito na si Tenyong… Ah! Miguel, hayo na't dumating ang aking ibig.

**Juana:** Bakit Julia ko, Julia'y bakit?

**Miguel:** Julia ko'y bakit, napaano ka, ano ang masakit?

**Julia:** Ako'y lubayan, huwag ninyong patayin, siya'y kaawaan, mataas na langit. Aba! Mamamatay na lamang, sinasabi na ayaw maniwala. Kayo ang bahala, mga sinungaling, (Kay Juana) Wala akong Ina, bakit pinipilit ang puso sa iba? (Sasalitain) Magsilayo kayo, ako'y bitiwan; dumating na, ha, ha, ha… sugatan lamang… Lumayas ka Miguel, (kay Miguel) huwag nang matingnan. Ikaw matanda (kay Tadeo) Kita'y uunatan. (iiyak) (awit) Mga walang awa. (iiyak) Ah, mga kuhila!

**Koro:** Mabuhay ang Pilipinas, mabuhay ang kawal. (awit) Mabuhay ang ating heneral, ang lahat naman ay nagsiramay, ang Pilipinas mabuhay naman sa masaganang katahimikan; mabuhay ang Pilipinas at ating ipagsaya.

**Musika**

(May banda't orkestra)

Ang Martsa ng Walang Sugat

Salitain

**Miguel:** Julia, naghihintay si Pari Teban!

**Julia:** naghihintay ang pari, ano bang tagal ng salubungan niyan? Naghihintay si Pari Teban eh! (Sarili) Masama ang kutob ng loob ko! Sabi ko na't ayoko ng pinsan-pinsan eh! Julia, ano ba? (galit)

**Julia:** Pakasal kang mag-isa mo!

**Miguel:** Kaysama ng sagot mo! Aling Juana sabihin mo po kay Julia na totoong tanghali na, alas-12 na po yata ah!

**Juana:** Julia, naghihintay raw si Pari Teban.

**Julia:** Hayaan mo pong maghintay siya… Si Tenyong po'y mamamatay na, hindi po dapat iwan.

**Juana:** Mamamatay pala Ginoong Heneral, masama raw po ang lagay ni Kapitang Tenyong.

**Heneral:** Ginoong Mediko, saklolohan ang Kapitang Tenyong at masama yata ang lagay.

**G. Mediko:** (Matapos matingnan) Aking Heneral magpatawag ka po ng pari at nang makapagkumpisal ang mamamatay…

**Heneral:** Mamamatay pala! (Kay Miguel) Ginoo, mangyaring tawagin ang kura nang makapagkumpisal ang Kapitang Tenyong, Huwag ka pong magagalit!

**Miguel:** Hindi po, aking tatawagin. (Dumating ang pari at kinumpisal si Tenyong)



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**P. Teban:** Ako'y may ipahahayag sa inyo na isang malaking bagay…
**Juana:** Ano po iyon?
**P. Teban:** Ako'y pakinggan… Ang Kapitang Tenyong na sa oras na ito'y lilipat sa bayang tahimik ay may huling kahilingan; ipinagmamakaamo niya sa iyo sina Juana at G. Miguel, na yayamang siya'y mamamatay rin sa oras na ito, ay mangyari ng ipakasal sa kaniya si Julia.
**Juana:** Ipakasal sa kaniya si Julia? At bakit?
**Miguel:** Ano ang dahilan?
**Tadeo:** Bakit kaya?
**P. Teban:** Dahil daw, sa sila'y bata pa'y may salitaan na…
**Miguel:** (Sarili) May salitaan!
**P. Teban:** Ngayo'y araw ng kaniyang pagtupad ng naipangako. At yayamang siya'y mamamatay na, ay di naman magiging kapinsalaan sa pag-iisang palad ni Julia at ni Miguel; sapagkat sa oras ding ito ay mababao si Julia… kayo'y mangagsisagot.
**Juana:** Julia, halika. May salitaan nga ba kayo ni Tenyong?
**Julia:** Inang, ang tao pong nasa mahalagang oras ng kamatayan at malapit ng dumulog sa Hukuman ng Diyos ay hindi nagsasabi ng kabulaanan.
**Juana:** Ah, totoo nga pala! Lilong anak, sukab na pamangkin.
**Julia:** Inang!
**Juana:** Hindi kita anak!
**Julia:** Inang minamahal, hingi ko'y patawad ang ipagkaloob sa pamangki't anak, si Tenyong po ngayo'y sa Diyos haharap, mahal mong bendisyon sa kaniya'y igawad.
**Juana:** Mamamatay na nga!
**Julia:** Sa aking pong dibdib ay hindi umusbong ang gawang maglilo sa inang nag-ampon, at di pasusukab ng pinsan kong Tenyong ang ako'y ibigin sa habang panahon.
**Juana:** Hindi ko namalayan.
**Julia:** Dahil pagkabatang kusa nang tumubo… sa dalawang musmos, walang salang puso ang pag-iibiga't dalisay na suyo na di nasaklawan ng kay Satang hibo.
**Juana:** Banal na pag-ibig!
**Julia:** Ang pagsinta niyang sa puso'y nakintal, nagmula sa udyok ng mahinhing asal; may tunay na tipang mag-iisang palad… kailanmang mahango sa kaalipinan.
**Juana:** Paano si Miguel?
**Julia:** Pinilit mo ako kay Miguel sumagot, ako ay umayon, huwag ka lang mapoot; ang abang puso ko'y aking nilamukot nang hindi maturang sa ina'y tumututol.
**Juana:** Masunuring anak!
**Miguel:** (Sarili) Malalaman mo ang lamukot…
**Julia:** Tila po di dapat, iliko ang hilig pagka't di bubuti ang pusong pinilit; ang pag-aasawa'y hulog daw ng langit ang pag-ibig nama'y nunukal sa dibdib.
**Miguel:** Ako pala'y namimilit!
**Juana:** Tindig na't lapitan si Tenyong. Miguel, ikaw ang sumagot.
**Miguel:** Tatang, ano po ang pasya ko?
**Tadeo:** Anak ko, ang taong mamamatay ay di mapagkakaitan.
**Miguel:** Kung gayon po'y bao ang mapapangasawa ko?
**Tadeo:** Ano ang kailangan? Bao lang sa turing!
**Miguel:** Pumapayag na po ako.

**Juana:** Ginoong Heneral, ikakasal po ang Kapitan Tenyong kay Julia; hinihiling po ng mamamatay.

**Heneral:** Ako ang tatayong saksing lalaki, at ikaw po ang saksing babae. Pari Teban, ikasal mo na raw po si Kapitan Tenyong.

**P. Teban:** Opo, Ginoong Heneral. Pedrito, halika… tanungin mo ang Heneral kung sino ang magbabayad ng deretsos.

**Pedrito:** Heneral, ipinatatanong po ng Among kung sino ang magbabayad ng deretsos.

**Heneral:** Deretsos! Mga alipin ng prayle, di kayo makaganap ng ano pa mang tungkulin kundi may deretsos? Nalahian kayo ng mga sukabang prayle, minana ninyo ang kanilang kasakiman! Ikasal mo po't ako ang magbabayad!

**Pedrito:** Kundangan, itong among ko'y napakatakaw, kung magmisa'y inuubos ang alak, hindi na ako tinitirhan.

**Lukas:** Namura ka pa tuloy ng Heneral, kundangan po'y tinanong mo pa eh.

**P. Teban:** Paanong di ko tatanungin kung sino ang magbabayad ng deretsos, sa mamamatay itong ikakasal ko? Talagang napakalapastangan ng mga tao ngayon; hindi marunong gumalang sa mga pari. Diyan sa pagkamura niya sa akin ay eskomulgado siya. Nginangatngat ng aso ang ulo ko ako ay lubayan. Kung gayak na ang loob niya may pusong namugad wari may bumbunan, walang gunam-gunam palalo kung magsalita (Benindisyonan ang Heneral, datapwa't nang biglang lumingon ang Heneral ay ibinaling niya ang bendisyon sa kabilang dako.)

**Heneral:** Ano pong dami mong pakuti-kuti, ikakasal mo po o hindi?

**P. Teban:** Opo, ikakasal. Nakita mo na anaki'y leon! (Kay Lukas) (Ginanap ang kasal)

**Heneral:** Magbangon ka, Kapitang Tenyong, at ako'y nakatupad na ng aking pangako!

**Miguel:** Walang sugat!

**Lahat:** Walang sugat!

Sanggunian: Belvez, Paz M., et al. (2014). *Kalinangan 8.* Manila: Rex Book Store, Inc.

2. **Pagpapayaman ng Talasalitaan**

Upang matiyak kung nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga parirala na ginamit sa akda, hayaang kunin ang kanilang paliwanag at ipagamit ang mga ito sa pangungusap.

Sabihin sa klaseng ipaliwanag ang ibig sabihin ng sumusunod na mga parirala at gamitin sa pangungusap:

a. nagbubusang mais
b. nginangatngat ng aso ang ulo
c. sa puso'y nakatanim
d. dibdib ko'y nagsisikip
e. umirin mo na ang dila
f. magbasag-ulo
g. kaybigat ng dugo ko sa matandang ito
h. gayak na ang loob
i. panghal ka na sa paghihintay
j. palalo kang magsalita



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

3. **Pag-unawa sa Binasa**

Upang matiyak ang pagkaunawa ng mga mag-aaral sa binasa, ipasagot ang mga tanong.

a. Sino-sino ang tauhan sa dula? Ilarawan ang bawat isa.

b. Ano ang papel na ginagampanan ni Lukas sa buhay nina Julia at Tenyong?

c. Bakit hindi matanggihan ni Julia ang pagpapakasal kay Miguel?

d. Paano inilalarawan sa dula ang kapangyarihan ng mga magulang noon? Magbigay ng ilang eksena sa dula na nagpapakita nito.

e. Paano napakasal kay Tenyong si Julia?

f. Ano ang masasabi mo sa wakas ng dula? Kung ikaw ang manunulat nito, paano mo wawakasan ang dula? Bakit?

4. **Pagpapayaman**

Talakayin ang kahulugan at kahalagahan ng sarsuwela. Maaaring magpakita siya ng larawan ng mga kilalang sarsuwelista sa kanyang pagtalakay.

Ang **sarsuwela** ay isang uri ng dula na ang ilang bahagi ay inaawit at ang ilang bahagi ay pasalita. Ang bahaging usapan sa sarsuwela ay nakasulat ng tuluyan, at ang awitan naman ay nakasulat ng patula.

Nang ipakilala ng mga Espanyol sa Pilipinas ang dulang ito, maraming mga manunulat ang naakit rito at gumawa rin ng mga sarsuwela tulad nina Severino Reyes, Pedro Paterno, Aurelio Tolentino, Juan Abad, Juan Crisostomo Soto Amando, at Navarette Osorio. Tinatawag din itong *soap opera* dahil ito ay pawang tungkol sa damdamin ng mga tao lalo na sa pag-ibig.

5. **Pagpapalalim**

Magsusulat ng sanaysay ang mga mag-aaral tungkol sa kanilang reaksyon sa nabasang sarswela. Isusulat nila ang kanilang pananaw at opinyong tungkol sa nabasa. Patutunayan nila na maaaring mangyari sa tunay na buhay ang ilang mga eksena sa sarsuwela. Magbibigay rin sila ng opinyon tungkol sa dapat ba o hindi dapat makialam ang mga magulang sa personal na buhay ng mga anak tulad ng pagpili sa mapapangasawa.

Maaaring pumili ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang isinulat sa klase.

6. **Kaalamang Panggramatika**

Ipaliwanag ang ibig sabihin ng kataga.

**Mga Pang-abay na Kataga o Ingklitik**

Ang pang-abay na kataga o ingklitik ay mga katagang laging sumusunod sa mga unang salita ng kayariang kinabibilangan.

Ang mga pang-abay na kataga o ingklitik sa wikang Filipino ay:

a. ba

b. si

c. kaya
d. sana
e. man
f. daw/raw
g. din/rin
h. naman
i. yata
j. muna
k. pala
l. tuloy
m. nga
n. lamang/lang
o. pa

**7. Pagpapalawak**

Upang matiyak ang kaalaman ng mga mag-aral sa tinalakay na gramatika ipagawa ang sumusunod:

a. Salungguhitan ang mga ingklitik sa sumusunod na mga pangungusap:
   - Hindi naman magiging kapinsalaan sa pag-iisang palad ni Julia at ni Miguel.
   - May salitaan nga ba kayo ni Temyong?
   - Namura ka pa tuloy ng Heneral.
   - Ngayong oras na lamang ang hinihintay.
   - Kulubot man itong balat, sa mukha ko'y nasasalat, malakas pa ang balikat.

b. Alisin ang mga ingklitik sa mga pangungusap at suriin kung may pagbabago sa kahulugan ng mga ito. Kung mayroon, ano ang mga pagbabagong ito?

c. Magbigay ng obserbasyon kung ano ang magiging epekto sa pangungusap kapag wala ang mga kataga o ingklitik.

**C. Kongklusyon**

Magpagawa sa mga mag-aaral ng pananaliksik tungkol sa mga sarsuwelistang sina Severino Reyes, Pedro Paterno, Aurelio Tolentino, Juan Abad, Juan Crisostomo Soto Amando, at Navarette Osorio. Sabihing gumawa sila ng maikling talambuhay tungkol sa kanila at itala ang mga sarsuwelang kanilang isinulat.

Paguhitan ang mga ginamit na ingklitik sa isinulat na paapliksik at ilista kung anong uri ng ingklitik ang mga ito.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**Pagtataya**

Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod na gawain bilang pagtataya ng natutuhan sa buong aralin.

Salungguhitan ang mga ingklitik sa sumusunod na mga pangungusap:

1. Nakakain daw siya ng hilaw na manga kaya sumakit ang kanyang tiyan.
2. Nandito ka na pala.
3. Ayan tuloy.
4. Ikaw na nga ang hinahanap niyang kapareha.
5. Ito na nga kaya ang mahiwagang kabibe?
6. Ito nga yata ang mahiwagang kabibe.
7. Nakatulog ka ba kagabi kahit maingay ang mga nagkakaraokeng kapitbahay?
8. Pumaroon ka na muna kina Aling Sela dahil hinihintay ka niya.
9. Huwag naman sanang umulan ng malakas bukas.
10. Ang matandang puti ang buhok na iyon ay si Mang Kanor.

# Ikatlong Markahan Baitang 8
# Supplemental Lesson Plan

**Aralin 2: Ang Pandiwa sa Iba't Ibang Aspekto**

**Teksto:** Hindi Plastik ang Salarin ni Joshua Philip Suarez (p. 155)

**A. Panimula**

Sa pagsisimula ng talakayan, tanungin ang klase kung ano sa tingin nila ang mga nangyayari sa kapaligiran.

1. Magpakita ng larawan ng mga sumusunod:
   a. Maruming Manila Bay
   b. Samar at Leyte pagkatapos ng bagyong Yolanda
   c. Kalbong gubat
   d. Malawak na minahan sa Mindanao
2. Ipalarawan sa mga mag-aaral ang kanilang nakikita. Gamiting gabay ang sumusunod na tanong:
   a. Ano ang epekto ng maruming tubig sa mga isda?
   b. Ano ang mangyayari kapag patuloy na nakakalbo ang kagubatan?
   c. Sa iyong palagay, may magaganap pa kayang katulad ng bagyong Yolanda sa bansa? Bakit mo nasabi?

**B. Katawan**

**1. Pagpapayaman ng Talasalitaan**

Ibigay ang kahulugan ng mga salita at gamitin ang mga ito sa pangungusap:

(Maaaring ipasulat sa papel ang sagot ng mga mag-aaral o magtawag ng mga mag-aaral upang magbigay ng pangungusap at kahulugan ng salitang gagamitin niya.)

a. ordinansa
b. nasalanta

**Pamantayang Pangnilalaman**

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang gamitin ang pandiwa sa iba't ibang aspekto

**Pamantayang Pagganap**

Nakapagbibigay ang mga mag-aaral ng mga halimbawang pangungusap gamit ang pandiwa sa iba't ibang aspekto nito

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Naiuugnay ang mga kaisipan sa akdang pinasa sa mga kaganapan sa sarili, lipunan, at daigdig
2. Nakapagpapahayag ng katuwiran o solusyon sa suliraning inilalahad ng teksto
3. Nagagamit ang iba't ibang aspekto ng pandiwa sa pagsusuri ng tekstong binasa
4. Natatalakay ang editoryal bilang isang ayo ng pasulat na pahayag
5. Nakapagsusulat ng mga kaisipang angkop sa kasalukuyang kalagayan


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

c. epidemya

d. napapadpad

e. pumipinsala

f. naglitis

g. hatol

h. pagdaloy

i. bayong

j. sakripisyo

2. **Pagtalakay sa Binasang Teksto**

Bago magsimula ang aralin, naibigay na bilang gawaing-bahay ang pagbabasa ng akdang Hindi Plastik ang Salarin ni Joshua Philip Suarez.

**Hindi Plastik ang Salarin**
ni Joshua Philip Suarez

**Tapos na ang paglilitis sa plastik.**

Dumating na ang hukom upang ibigay ang pasiya kung napatunayan ng prosekusyon na nagkasala ang inakusahan. Ang hatol: *guilty*. Ang parusa: ordinansang nagbabawal sa paggamit ng plastik. Daig pa ng ordinansang ito ang epidemya sa bilis ng pagkalat. Sa NCR, nagsimula ito sa Muntinlupa na siya namang ginaya ng iba pang mga karatig lungsod at kamakailan lamang ay siya na ring ipinatupad dito sa lungsod Quezon. Ayon sa Alkalde, ito ang solusyon upang maibsan ang epekto ng mga kalamidad. Noong kasagsagan ng walang tigil na pag-ulang dulot ng hanging Habagat, mga supot ang siyang ginamit upang paglagyan ng *relief goods*. Sa kasamaang palad, imbes na maging instrumento para sa ikabubuti ng kondisyon ng mga nasalanta, ang mga supot na ito pa raw ang siyang nagpapalala ng sitwasyon ng mga binagyo. Mabuti ang intensiyon, ngunit sa huli, sa plastik pa rin nakaturo ang lahat ng daliri.

Ayon sa MMDA, sa 700,000 tonelada ng basurang nakokolekta sa Metro Manila, humigit-kumulang 16 porsiyento rito ang mga produktong gawa sa plastik o *Styrofoam* na di-umano'y nagdudulot ng pagbabara sa daanan ng tubig. Plastik din ang siyang itinuturong salarin sa tuluyang paglabo ng angking ganda ng mga tanawin tulad ng Roxas Boulevard at Ilog Pasig.

Plastik nga ba ang salarin? Kung iisipin nang maigi, hindi naman mapapadpad ang mga ito sa ilog nang basta-basta. Walang paa ang basura. Sa pagpapatupad ng *plastic ban*, tila nakahanap ang mga opisyal ng solusyon sa isang bagay na hindi naman talagang problema.

Hindi plastik ang pumipinsala kay Inang Kalikasan. Ang mga tao na siyang baluktot ang pag-iisip sa pagtatapon ang siyang salarin. Tao ang problema, at ang solusyon ay napapaloob din dito. Ngunit paano nga ba maaatim ang solusyon kung sarado ang utak ng mismong may hawak ng susi? Iilang buwan pa lamang ang nakalipas matapos ang

pagpapatupad ng ordinansa, ngunit hindi na kaagad mabilang ng daliri ang dami ng mga umaaray dahil sa *plastic ban*. Ayon sa kanila, pahirap lamang sa buhay ang pagbabawal sa plastik. Paano nga ba bibitbitin ang mga napamalengkeng isda at bigas kung papel na ang bagong lalagyan? Unang-una, walang sinabi sa ordinansa na papel ang hahalili sa plastik. Maaari namang gumamit ng bayong. Sa ganitong paraan, hindi ka lang nakahanap ng angkop na lalagyan para sa iyong biniling tilapia, nakatulong ka pa sa kabuhayan ng iyong mga kababayan.

Ikalawa, ang hindi paggamit ng plastik ay isa lamang maliit na sakripisyo. Sa bawat munting sakripisyong ito, natitiyak natin ang kinabukasan hindi lamang ng mga anak, ngunit pati na rin ng mga susunod na henerasyon. Sa simula, hindi maikakailang naninibago ang lahat. Sa una'y hirap ding maglakad ang bagong layang preso na limampung taon nang nakagapos ang paa. Hindi *plastic ban* ang solusyon. Ngunit sakaling tanungin kung nakatutulong ba ang pagbabawal ng plastik, ang sagot dito, natural. Kamakailan lamang, taas-noong ideneklara ng mga taga-Muntinlupa na ang kanilang lungsod ngayon ay "flood free," blah blah blah.

Ngunit ang tunay na kabutihang maidudulot ng pagbabawal ng plastik, ay higit pa sa malayang pagdaloy ng mga tubig sa ilog. Ang naturang ordinansa ang siyang tilaok ng tanghaling manok na gumising sa matagal nang pagkakahimbing ng tao. Dahil dito, namulat ang mayaman at mahirap, bata at matanda sa katotohanan na unti-unti na ngang nasisira ang kalikasan. Tao ang naglitis, ngunit tao rin naman ang may kasalanan. Sa huli, karapat-dapat lamang na ituro ang daliri sa nilalang sa harap ng salamin. Mali ang hatol, ngunit nakabuti ang parusa.

Sanggunian: Belvez, Paz M., et al. (2014). *Kalinangan 8*. Manila: Rex Book Store, Inc.

Upang matiyak ang pagkaunawa ng mga mag-aaral sa binasa, ipasagot ang sumusunod na mga tanong gamit ang buong pangungusap:

1. Anong isyung panlipunan ang tinatalakay ng editoryal?
2. Ano ang ordinansang ipinatupad na may kinalaman sa paggamit ng plastik?
3. Bakit malaking usaping pambayan ang paggamit ng plastik?
4. Ano ang opinyon ng may-akda tungkol sa paggamit ng plastik?
5. Dapat bang paniwalaan ang sinasabi ng may-akda tungkol sa paggamit ng plastik? Ipaliwanag ang iyong sagot.
6. Ano ang iyong palagay tungkol sa paggamit ng plastik? ipaliwanag ang iyong palagay.
7. Ano kaya ang mangyayari kung sakaling nagpatupad ng ordinansang nagbabawal sa paggamit ng plastik ang buong bansa? Ipaliwanag ang iyong sagot.

**3. Pagpapapayaman**

Talakayin ang mga kaalaman at impormasyon tungkol sa editoryal.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Ang editoryal ay tinatawag ding pangulong tudling, at ito ay isang mahalagang bahagi ng isang pahayagan. Sa editoryal ipinapaliwanag ang pinakamahahalagang balita ng araw. Sinasabing editoryal ang pinakakaluluwa ng isang pahayagan. Dito isinusulat ang mga kuro-kuro, damdamin o palagay ng patnugot tungkol sa mga bagay-bagay na may kinalaman sa lipunan, politika, sining, relihiyon, o iba pang mga napapanahong paksa.

Ang editoryal ay sinusulat ng patnugot ngunit bago niya ito gawin, nagkakaroon muna ng talakayan sa buong editoryal board ng pahayagan upang pagpasyahan kung ano ang magiging paksa ng editoryal para sa araw na iyon.

**Kasanayan sa Paggamit ng mga Aspekto ng Pandiwa Upang Ipaliwanag ang Epekto ng Polusyon sa Kapaligiran**

Ang **aspekto** ay katangian ng pandiwa na nagsasaad kung naganap na o hindi pa ang isang kilos o galaw, o kung nasimulan na, natapos na, at kung natapos nang gawin o ipinagpapatuloy pa ang pagganap.

Ang mga aspekto ng pandiwa ay:

1. Pangnakaraan o perpektibo
2. Pangkasalukuyan o imperpektibo
3. Panghinaharap o kontemplatibo
4. Perpektibog katatapos

**4. Pagpapalawig**

**Pangkatang Gawain**

Hatiin sa apat na grupo ang klase at gawin ang mga nakatakdang gawain para sa bawat grupo. Maaaring magdagdag o magpalit ng gawain.

**Unang pangkat:** Gumawa ng *poster* gamit ang mga lumang karton. Maglagay ng mga islogan sa *poster* tungkol sa pangangalaga ng mga katubigan. Gumawa rin ng islogan tungkol sa epekto ng polusyon sa tubig.

**Ikalawang pangkat:** Gumawa ng maiikling mga tula na ang mensahe ay tungkol sa epekto ng maitim na usok sa hangin.

**Ikatlong pangkat:** Gumawa ng maikling iskit na tumatalakay sa masamang epekto ng mga basura at plastik sa kapaligiran. Isama sa iskit ang tungkol sa wastong pagtatapon at paghihiwa-hiwalay ng mga basurang nabubulok at di-nabubulok.

**Ikaapat na pangkat:** Gumawa ng patalastas tungkol sa epekto ng paggamit ng plastik at kung paano mababawasan ang mga kalat na plastik.

**Rubrik sa Pangkatang Gawain**

| Pamantayan | Lubos na sumasang-ayon | Sang-ayon | Hindi gaanong sumasang-ayon | Hindi sumasang-ayon |
|---|---|---|---|---|
| Napapanahon ang mga gawain | | | | |
| Wasto ang gamit ng mga salita | | | | |
| May wastong pagpapahayag ng ideya | | | | |
| Nailalahad ng malinaw ang mensahe | | | | |
| Masining ang *output* | | | | |

**C. Kongklusyon**

**Talakayan sa Klase**

Mahalagang panatilihin ang kalinisan ng kapaligiran dahil dito tayo nabubuhay. Ang malinis na kapaligiran ay tanda ng malusog na mga mamamamayan. Ang bawat isang mamamayan ay may responsibilidad na tumulong sa pagtitiyak ng kalinisang ito. Ang kalinisan ay hindi humihinto sa paglilinis lamang ng sariling bakuran, kundi umaabot ito sa responsibilidad na pangalagaan din ang kalikasan katulad ng mga ilog, gubat, at hangin dahil ang mga ito ay mahalagang bahagi ng ating buhay.

Magkakaroon ng talakayan sa klase tungkol sa kahalagahan ng kalinisan at ang responsibilidad ng bawat isa sa pagpapanatili ng isang malinis na kapaligiran.

**Pagtataya**

Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod:

A. Isulat ang sumusunod na mga pandiwa sa iba't iba nitong aspekto.

| Perpektibo | Imperpektibo | Kontemplatibo | Perpektibong Katatapos |
|---|---|---|---|
| 1. nag-aral | | | |
| 2. nagbasa | | | |
| 3. natulog | | | |
| 4. kumain | | | |
| 5. naglaro | | | |
| 6. nagkalat | | | |



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

| | | | |
|---|---|---|---|
| 7. nagligpit | | | |
| 8. nagluto | | | |
| 9. nangampanya | | | |
| 10. naglinis | | | |
| 11. iginapos | | | |
| 12. nilitis | | | |
| 13. itinuro | | | |
| 14. nasalanta | | | |
| 15. napinsala | | | |

B. Sumulat ng isa o dalawang talatang repleksiyon tungkol sa katatapos na aralin. Pagkatapos sulatin, basahin ito sa harap ng klase.

# Ikatlong Markahan Baitang 8
# Supplemental Lesson Plan

**Aralin 3: Mga Komplemento ng Pandiwa**

**Mga Kagamitan:** Mga makukulay na larawan ng mga lugar sa Pilipinas

**A. Panimula**

1. Magpakita ng mga magagandang tanawin sa PIlipinas at ipapalarawan niya sa mga mag-aaral ang mga lugar na ito. Maaari ring tanungin kung nakarating na sila sa mga lugar na ito o may alam sila tungkol sa mga lugar na ito.

2. Maaaring ang ipakita ay ang mga makasaysayang lugar sa Pilipinas. Ipalarawan ito sa mga mag-aaral ang mga lugar na ito. Maaari ring tanungin kung nakarating na sila sa mga lugar na ito o may alam sila tungkol sa mga lugar na ito.

Tanong: Sa inyong palagay, ang pagpunta ba sa mga lugar na ito ay pagpapakita ng nasyonalismo? Ano pa ang ibang paraang alam mo na magpapakita ng pagmamahal ninyo sa bayan?

**B. Katawan**

**1. Talakayan sa Klase**

Pangkatin sa lima ang klase at tatalakayin ng bawat grupo ang sumusunod na mga tanong. Ikaw ang magtatakda kung aling tanong ang tatalakayin ng bawat grupo. Magtakda din ng sapat na oras upang matalakay ng mga mag-aaral ang tanong na ibinigay sa kanila. Pagkatapos ng talakayan, mag-uulat ang bawat grupo sa pamamagitan ng isang tagapag-ulat na pinili ng grupo.

Pagkatapos ng pag-uulat ng bawat grupo, magkakaroon ng palitan ng palagay at opinyon ang klase tungkol sa mga paksang iniulat.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pagkaunawa sa mga komplemento ng pandiwa

**Pamantayang Pagganap:**

Natutukoy sa loob ng pangungusap ang mga komplemento ng pandiwa

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Natutukoy sa loob ng pangungusap ang mga komplemento ng pandiwa
2. Nagagamit nang wasto ang mga komplemento ng pandiwa



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**Mga tanong:**

a. Bakit nagkakaroon ng interes sa ating bayan ang mga dayuhan?

b. Para sa iyo, ano ang pinakamahalagang makasaysayang lugar sa ating bansa? Bakit mo nasabi?

c. Ano ang mga rekomendasyon mong paraan upang mapangalagaan ang magagandang tanawin sa ating bansa.

d. Ano ang magandang gawing isang Infomercial tungkol sa isang magandang lugar sa bansa? Itanghal ito sa klase.

e. Ano ang masasabi mo sa kalagayan ng ating bansa sa kasalukuyan? Ipaliwanag ang iyong sagot.

**2. Pagpapalawak**

***Seatwork:***

Papiliin ng kapareha ang mga mag-aaral at ipagawa sa kanila ang inihandang sitwork. Pagkatapos ay maaaring magtawag ng ilang magkapares upang magbahagi ng kanilang ginawa.

a. Mag-isip ng isang pambansang problema na kinakaharap ng bansa (halimbawa: korapsyon, trapiko, baha, tagtuyot, kahirapan, kawalan ng trabaho, kakulangan sa mga silid-aralan…) Bilang isang kabataang mag-aaral, ano ang maimumungkahi mong solusyon para matugunan ang mga problemang ito?

b. Gumawa ng isang *artwork* na may *slogan* na naglalarawan sa iyong sinabi tungkol sa pambansang problema kinakaharap ng bansa.

**3. Kasanayang Panggramatika**

Talakayin ang mga uri ng komplemento ng pandiwa.

**Komplemento ng pandiwa** ang tawag sa bahagi ng panag-uri na bumubuo o nagbibigay ng ganap na kahulugan sa pandiwa. Tinatawag din itong kaganapan ng pandiwa. Ang mga uri ng komplemento ng pandiwa ay:

a. Komplemento sa Tagaganap – Bahagi ng panag-uri na gumaganap sa kilos na isinasaad ng pandiwa.

Halimbawa:

Tinatanaw ni Marko ang malinaw na tubig.

Pinulot ni Maricar ang mga kalat sa dalampasigan.

b. Komplemento sa Layon – Nagsasaad kung anong bagay o mga bagay ang tinutukoy ng pandiwa.

Halimbawa:

Sumulat ng tula ang makata upang isalaysay ang tagumpay ng kampanya.

Nagluto ng kare-kare si Nanay upang ipagdiwang ang kaarawan ng aming bunso.

c. Komplemento sa Ganapan – Nagsasaad ng lugar na pinagganapan ng kilos ng pandiwa.

Halimbawa:

Bumalik si Digna sa Apo Reef upang magbakasyon.

Pinulot nila ang mga basura sa dalampasigan upang mapanatili itong malinis.

d. Komplemento sa Sanhi – Nagsasaad ito ng sanhi o dahilan ng kilos na isinasaad ng pandiwa.

Halimbawa:

Pansamantalang sinara sa mga turista ang bundok ng Banahaw dahil sa patuloy na pagdami ng mga basurang dala ng mga turista.

Sinakop tayo ng mga dayuhan dahil sa ating mga likas na kayamanan.

e. Komplemento sa kagamitan – Nagsasaad ito ng instrumento o kagamitan para maisakatuparan ang kilos na sinasabi ng pandiwa.

Halimbawa:

Nagtagumpay ang mga Espanyol na sakupin ang ating bansa dahil sa krus at espada.

Dumarami ang mga turista sa ating bansa dahil sa husay ng kampanya para sa turismo.

f. Komplemento sa direksiyon – Nagsasaad ito ng direksiyon kung saan patungo ang kilos na sinasabi ng pandiwa.

Halimbawa:

Pumunta siya sa silid-aklatan upang gawin ang kanyang pananaliksik.

Namasyal kami sa Banaue upang makita namin ang payaw.

**4. Pagsasanay**

Magbibigay ng mga halimbawang pangungusap ang mga mag-aaral at sasasabihin nila kung alin ang komplementong pandiwa at kung anong uri ng komplemento ng pandiwa ang binanggit nila. Magtakda ng dami ng mga mag-aaral na gagawa ng pangungusap. Maaari ding iba ang gagawa ng pangungusap at iba rin ang pipili ng komplemento ng pandiwa at iba ang magsasabi kung anong uri ng komplemento ng pandiwa ang nasa pangungusap.

**C. Kongklusyon**

Hatiin sa apat na grupo ang klase at bawat isa ay gagawa ng pagtatanghal tungkol sa kahalagahan ng pangangalaga sa ating kalikasan at pagpapahalaga sa mga makasaysayang lugar sa bansa. Ang bawat grupo ay gagawa ng isang *infomercial* tungkol sa napili nilang lugar.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

Mga halimbawa ng lugar: (Maaari itong palitan o dagdagan ng guro.)

1. Apo Reef
2. Intramuros
3. Taal Lake
4. Bundok ng Makiling
5. Banaue Rice Terraces
6. Bundok ng Apo

**Rubrik sa Paghahatol**

| Pamantayan | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|
| Kaalaman tungkol sa lugar | | | | | |
| Kilos, galaw, at ekspresyon ng mukha | | | | | |
| Maliwanag ang pagkakabigkas ng mga salita | | | | | |
| Nailalahad nang maayos ang mga linya sa pagtatanghal | | | | | |
| Nailalahad nang malinaw ang mensahe | | | | | |
| Maayos ang daloy ng pagtatanghal | | | | | |
| Pagkamalikhain | | | | | |
| Panghihikayat sa mga manonood | | | | | |
| | | | | **Kabuuan =** | |

5 – napakahusay

4 – mahusay

3 – di gaanong mahusay

2 – katamtaman

1 – kailangan pang pagbutihin

**Pagtataya**

Salungguhitan ang mga komplemento ng pandiwa sa sumusunod na mga pangungusap. Pagkatapos ay sabihin kung anong uri ng komplemento ng pandiwa ang sinalungguhitan.

1. Ipinaglalaban ng mga makabayang senador ang karapatan ng mga mamamayan na malaman kung saan napupunta ang ating ibinabayad na buwis.
2. Ibinunyag ng *whistle blower* ang katiwaliang nangyayari sa pork barrel ng mga Kongresista.
3. Namasyal kami sa Intramuros.
4. Binibigyan ng karangalan ng mga OFW ang ating bansa dahil sa kanilang kahusayan sa trabaho.

5. Binisita nila ang Dapitan upang makita ang itsura ng bahay ni Jose Rizal.
6. Dahil sa katiwalian sa pamahalaan, napakaraming mga Pilipino ang naghihirap.
7. Bumili ng aklat tungkol sa kasaysayan ng San Jose ang kanyang kapatid.
8. Tinawagan ko si Ate para magpabili ng tubig.
9. Tinatanaw ni Marko ang malinaw na tubig.
10. Pinulot ni Maricar ang mga kalat sa dalampasigan.

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

# Ikatlong Markahan Baitang 8
# Supplemental Lesson Plan

**Aralin 4: Pokus ng Pandiwa**

**Mga Kagamitan:** Larawan ng mga makasaysayang lugar sa Pilipinas

**A. Panimula**

Magpakita ng mga larawan ng mga makasaysayang lugar sa Pilipinas at ipalarawan ang mga ito sa mga mag-aaral. Maaari ring tanungin kung nakarating na sila sa mga lugar na ito o may alam sila tungkol sa mga lugar na ito.

Itanong: Sa iyong palagay, sapat na ba ang pagpunta at pag-alam sa kasaysayan ng mga lugar na ito upang masabi natin na tayo ay mga Pilipinong nagmamahal sa bayan? Ano pa ang ibang paraang alam mo na magpapakita ng pagmamahal mo sa bayan?

**B. Katawan**

**1. Talakayan sa Klase**

Pangkatin sa limang pangkat ang klase at talakayin ng bawat isang grupo ang sumusunod na mga tanong. Magtakda kung aling tanong ang tatalakayin ng bawat grupo at magtakda ng sapat na oras upang matalakay ng mga mag-aaral ang tanong na ibinigay sa kanila. Pagkatapos ng talakayan, mag-uulat ang bawat grupo sa pamamagitan ng isang tagapag-ulat na pinili ng grupo.

Pagkatapos ng pag-uulat ng bawat grupo, magkaroon ng palitan ng palagay at opinyon ang klase tungkol sa mga paksang iniulat.

Mga tanong:

a. Bakit nagkakaroon ng interes sa ating bayan ang mga dayuhan?

b. Para sa iyo, ano ang pinakamahalagang makasaysayang lugar sa ating bansa? Bakit mo nasabi?

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pagkaunawa sa pokus ng pandiwa

**Pamantayang Pagganap:**

Natutukoy sa loob ng pangungusap ang mga pokus ng pandiwa at nakikilala ang uri nito

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Natutukoy sa loob ng pangungusap ang mga pokus ng pandiwa at nakikilala ang uri nito
2. Nagagamit nang wasto ang mga komplemento ng pandiwa
3. Nagagamit nang wasto ang mga pokus ng pandiwa sa paglalabas ng mga sariling pananaw at opinyon

REX iNTERACTIVE The online educational portal for teachers, students, and parents

c. Ano-ano ang mga maimumungkahi mong paraan upang mapangalagaan ang magagandang tanawin sa ating bansa?

d. Ano ang masasabi mo sa kalagayang pampolitika ng ating bansa sa kasalukuyan? Ipaliwanag ang iyong sagot.

**2. Pagpapalawak**

***Seatwork:***

a. Bubuo ng *triad* ang magkakaklase at pag-uusapan nila sa grupo ang sumusunod na mga tanong.

b. Maghanda ng palabunutan para sa paksang tatalakayin ng bawat grupo (Halimbawa: korapsyon, trapiko, baha, kahirapan, pagdami ng mga maralitang taga-lungsod, kawalan ng trabaho, mga batang manggagawa, kakulangan ng mga silid-aralan, tagtuyot, kakulangan sa pagkain, at iba pa).

**Mga tanong:**

1) Bilang isang kabataang mag-aaral, ano ang maimumungkahi mong solusyon para matugunan ang mga problemang ito?

2) Ibahagi sa klase ang pinag-usapan ng grupo.

3) Magkaroon ng palitan ng mga tanong at sagot sa klase pagkatapos ng pagbabahagi ng bawat grupo.

**3. Kasanayang Panggramatika**

Talakayin ang mga pokus ng pandiwa.

**Pokus ng pandiwa** ang tawag sa relasyong pansemantika ng pandiwa sa simuno o paksa ng pangungusap. Naipakita ito sa pamamagitan ng taglay na panlapi ng pandiwa.

Mga anyo ng pokus ng pandiwa:

a. Pokus sa layon – nasa pokus na layon ang pandiwa kung ang layon o ang paksa o binibigyang-diin sa pangungusap. Ang mga karaniwang panlapi dito ay i-, -an, ipa-, at -in.

Halimbawa:

Taniman natin ng mga gulay ang mga bakanteng lote.

Kinuha ko na ang mga butong binhi na gagamitin natin sa pagtatanim.

b. Pokus na tagaganap – ang pandiwa ay nasa pokus ng tagaganap ng kilos na isinasaad ng pandiwa. Ang mga panlaping nasa pokus ng tagaganap ay mag at -um/um-.

Halimbawa:

Kumakain si Marina ng ulam na niluto ng kanyang kapitbahay.

Tumatakbo sa pagkasenador si Teddy.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

c. Pokus sa ganapan – ang pandiwa ay nasa pokus na ganapan kung ang paksa ay lugar o ganapan ng kilos. Ang mga panlaping ginagamit sa pagpapahayag ng pokus sa ganapan ay -an/-han, pag- -a/-han, at pang-/-an/-han.

Halimbawa:

Paglalaruan namin ang bagong parke sa bayan.

Paglalabahan namin ang batis na mabilis ang agos.

d. Pokus sa kagamitan – ang mga pandiwang nakapokus sa kagamitan ay nagsasaad na ang kasangkapan o bagay na ginagamit ang simuno ng pangungusap. Ang panlaping ginagamit sa pokus na ito ang ipang-/ipam-.

Halimbawa:

Ipampuputol ko ng kawayan ang bagong hasang itak.

Ipangkain mo na ng tanghalian ang baon mong pera.

e. Pokus sa sanhi – ang mga pandiwang may pokus sa sanhi ay nagpapahayag ng dahilan o sanhi ng kilos. Ang mga panlaping ginagamit dito ay ang i-, ika-, at ikapang-/ikapan-.

Halimbawa:

Ikatutuwa ng iyong mga magulang kung magiging masipag ka sa pag-aaral.

Ikalulungkot ko kung ikaw ay mabibigo sa iyong mga pangarap.

**4. Pagsasanay**

a. Pangkatin sa tatlo ang klase. Ipagawa sa bawat pangkat ang gawaing nakatakda sa kanila.

**Unang Pangkat:** Ano ang pinakamabigat mong problema bilang mag-aaral?

Pag-uusapan ng pangkat na ito ang pinakamabigat na problemang may kinalaman sa kanilang pag-aaral. Isulat sa malinis na papel ang pinakamabigat nilang problema at talakayin ito gamit ang mga pokus ng pandiwa.

**Ikalawang Pangkat:** Ano ang gustong gawin ng mga kabataang mag-aaral kapag walang pasok?

Pag-uusapan ng pangkat na ito ang mga bagay na karaniwang nilang ginagawa kapag walang pasok. Isulat sa malinis na papel ang pinakamabigat nilang problema at talakayin ito gamit ang mga pokus ng pandiwa.

**Ikatlong Pangkat:** Ano sa palagay mo ang pinakamainit na isyung panlipunan na apektado ang kabataang mag-aaral?

Pag-uusapan ng pangkat na ito ang ang pinakamainit na isyung panlipunan na apektado ang kabataang mag-aaral. Isulat sa malinis na papel ang pinakamabigat nilang problema at talakayin ito gamit ang mga pokus ng pandiwa.

b. Ibabahagi ng bawat grupo ang kanilang pinag-usapan sa klase at magbibigay sila ng mga halimbawang pangungusap na nagpapakita sa pokus ng pandiwa.

**C. Kongklusyon**

Hatiin sa apat na grupo ang klase at bawat isa ay gagawa ng pagtatanghal tungkol sa isang tradisyon o kaugaliang Pilipino. Ang bawat grupo ay gagawa ng isang *infomercial* tungkol sa napili nilang tradisyon o kaugalian.

Mga halimbawa ng mga kaugalian: (Maaari itong palitan o dagdagan.)

1. Pagmamano
2. Pagsasabi ng po at opo
3. Pagsisimba at pagdarasal
4. Pag-alala sa mga yumaong kamag-anak
5. Pagyayang kumain kapag may bisitang dumating sa oras ng pagkain

**Rubrik sa Paghahatol**

| **Pamantayan** | **1** | **2** | **3** | **4** | **5** |
|---|---|---|---|---|---|
| Kaalaman tungkol sa tradisyon | | | | | |
| Kilos, galaw, at ekspresyon ng mukha | | | | | |
| Maliwanag ang pagkakabigkas ng mga salita | | | | | |
| Nailalahad ng maayos ang mga linya sa pagtatanghal | | | | | |
| Nailalahad ng malinaw ang mensahe | | | | | |
| Maayos ang daloy ng pagtatanghal | | | | | |
| Pagkamalikhain | | | | | |
| Panghihikayat sa mga manonood | | | | | |
| | | | | **Kabuuan =** | |

5 – napakahusay

4 – mahusay

3 – di gaanong mahusay

2 – katamtaman

1 – kailangan pang pagbutihin

**Pagtataya**

Salungguhitan ang mga pokus ng pandiwa sa sumusunod na mga pangungusap.

1. Pinagtatalunan ng mga Kongresista at Senador ang isyu ng PDAF.
2. Kumikilos na ang mga mamamayan upang pabilisin ang pagdinig sa kaso ng mga anomalya sa pondo ng gobyerno.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

3. Ikagagalit ng mga mamamayang Pilipino kung hindi mabubunyag at maparurusahan ang lahat ng mga sangkot sa kasong ito.
4. Paglalaruan natin ang bagong bukas na parke sa kabayanan.
5. Ipanghihila niya ng sasakyang nabalaho sa kanal ang malaking kadena.
6. Sulatin natin ang bagong tula na naisip ko.
7. Kantahin mo nga ang awit na kakantahin natin sa pagtatanghal.
8. Ipanlalaba ko ng kumot ang bagong sabong panlaba.
9. Tumatakbo sa kabataang barangay ang kanyang kuya.
10. Kumakain ako ng niluto ng aking ate dahil napakasarap niyang magluto.

# Ikalawang Markahan Baitang 8
# Supplemental Lesson Plan

**Aralin 5: Pagkilala sa mga Panghalip na Panao**

**Mga Kagamitan:** Mga Larawan ng Iba't Ibang Mga Propesyon

**A. Panimula**

Magpakita ng mga larawan ng iba't ibang mga propesyon. Ipalarawan sa mga mag-aaral ang mga propesyong ito.

Maaari ring tanungin ang mga mag-aaral tungkol sa kursong kukunin nila sa kolehiyo at ipalarawan sa kanila ang maaaring maging propesyon nila kapag natapos na nila ang kursong ito.

**B. Katawan**

**1. Talakayan sa Klase**

Pangkatin sa lima ang klase. Magtakda kung aling tanong ang tatalakayin ng bawat pangkat. Magtakda ng sapat na oras upang matalakay ng mga mag-aaral ang tanong na ibinigay sa kanila.

Pagkatapos ng talakayan, mag-uulat ang bawat grupo sa pamamagitan ng isang tagapag-ulat na pinili ng grupo.

Mga tanong:

a. Sa iyong palagay, sino ang pinakamahalagang tao sa iyong pamilya? Bakit?

b. Sa iyong palagay, ano ang pinakamahalagang propesyong kailangan ng isang lipunan? Bakit?

c. Paano nakatutulong ang mga pari, pastor, at imam sa mga mamamayan? Ipaliwanag mo ang iyong sagot.

d. Paano mo ilalarawan ang mga kabataan sa kasalukuyang panahon?

e. Ano ang gagawin mo pagkatapos mong mag-aral? Bakit? Paano mo ito magagawa?

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pagkaunawa sa mga panghalip na panao

**Pamantayang Pagganap:**

Nakapagbibigay ng sariling opinyon o pananaw tungkol sa kahalagahan ng pagiging isang mamamayang kabataan

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nauunawaan at naipaliliwanag ang mga panghalip na panao
2. Nagagamit nang wasto sa pagbibigay ng sariling opinyon ang mga panghalip na panao
3. Nagagamit nang wasto ang mga panghalip na panao sa pagkilala sa kahalagahan at papel ng kabataan sa lipunan



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

2. **Pagpapalawak**

***Seatwork:***

a. Bubuo ng *triad* ang magkakaklase at pag-uusapan nila sa grupo ang sumusunod na mga paksang ibibigay ng guro.

b. Maghanda ng palabunutan para sa paksang tatalakayin ng bawat grupo.

c. Iuulat ng bawat grupo sa klase ang kanilang pinag-usapan.

Mga paksa: (Maaaring magdagdag o magpalit ng paksa.)

- Paano magiging makabuluhan ang iyong buhay?
- Bilang kabataan, paano mo maipakikita ang iyong halaga sa lipunan?
- Bilang kabataan, paano ka makatutulong sa mga taong nangangailangan?
- Bilang kabataan, ano ang magagawa mo upang mabawasan ang mga problemang sanhi ng pang-aabuso sa kapaligiran?
- Sa iyong palagay, alin ang mas tama? Magbigay ng limos o magbigay ng tulong sa mga organisasyong tumutulong sa mga nangangailangan? Bakit?

3. **Kasanayang Panggramatika**

Talakayin ang panghalip panao.

Ginagamit ang mga panghalip panao bilang panghalili sa ngalan ng tao.

**Tsart ng Panghalip na Panao**

| | **ANYO** | | |
|---|---|---|---|
| **Panauhan/ Kailanan** | **Palagyo** | **Paukol** | **Paari** |
| **Isahan** | | | |
| una | ako | ko | akin |
| ikalawa | ikaw, ka | mo | iyo |
| ikatlo | siya | niya | kanya |
| **Dalawahan** | | | |
| una | kata, kita, tayo | nita, natin | atin |
| ikalawa | kayo | ninyo | inyo |
| ikatlo | sila | nila | kanila |
| **Ikatlo** | | | |
| una | kami | namin | amin |
| ikalawa | kayo | ninyo | inyo |
| ikatlo | sila | nila | kanila |

REX iNTERACTIVE
The online educational portal
for teachers, students, and parents

Mga halimbawa:

a. Ako na muna ang gagawa ng mga gawaing-bahay habang nag-aaral ka para sa iyong pagsusulit.
b. Sila ang naatasang maglinis ng bakuran at tayo naman ang naatasang magtanim ng mga halaman.
c. Sa inyo pala ang napakagandang asong nakita namin kagabi.
d. Kanila ang malaking puno ng mangga na pinagpitasan natin ng matatamis na bunga.
e. Sa iyo na ang sapatos ko dahil hindi na kasya sa akin, maayos pa naman ito at bago pa.

**4. Pagsasanay**

Salungguhitan ang mga panghalip sa sumusunod na mga pangungusap at sabihin ang panauhan at anyo ng mga ito.

a. Hindi lahat ng ating mga ninuno ay natutulog sa gabi.
b. Gising ang iba sa kanila dahil kailangan nilang bantayan ang pagsalakay ng mababangis na mga hayop.
c. Marami tayong mga tradisyong ginagawa tuwing sasapit ang kapistahan.
d. Ginagawa natin ang mga ito bilang pagpapasalamat sa mga biyaya sa loob ng isang taon.
e. Natitiyak kong kayo ay isang piloto dahil sa inyong kasuotan.
f. Siya naman ang inyong *flight stewardess*.
g. Mga ginoo, darating bukas ang Kapitan Heneral at tutuloy siya sa aking bahay.
h. Sana ay maaari kayong makabisita sa kanya doon.
i. Matatapos na sa pag-aayos sa bukid si Ibarra nang sabihin sa kanya na mayroon siyang paparating na panauhin.
j. Pinagmasdan ni Ibarra ang panauhing paparating at nakilala niyang ito ay si Elias.

**C. Kongklusyon**

Gagawa ng tatlong talatang sanaysay ang mga mag-aaral tungkol sa pinakamahalagang tungkulin nila bilang mga mamamayang Pilipino. Sasalungguhitan nila ang mga ginamit nilang panghalip.

**Pagtataya**

Salungguhitan ang mga panghalip sa sumusunod na mga pangungusap at sabihin ang panauhan at anyo ng mga ito. Isulat ang sagot sa inihandang tsart:

1. Marami sa ating mga kababayan ang nangangailangan ng tulong.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

2. Hindi lumayo sa kanyang piling ang pinakamamahal niyang tiyahin na si Tiya Isabel.
3. Mahal na mahal siya ng kanyang ama kaya naman nagsikap siya sa kanyang pag-aaral.
4. Sino na ang papalit sa kanya bilang pangalawang pangulo?
5. Ikaw na ba ang napiling kapalit?
6. Ayaw po ng aking kapatid ngunit nagpasabi siya na maghahanap siya ng hahalili sa kanya.
7. Ano sa iyong palagay ang nangyayari sa ating lipunan?
8. Makatutulong ka sa paglutas ng mga problemang panlipunan sa pamamagitan ng pagiging matapat na mamamayan at masipag na mag-aaral.
9. Tayo ang pinakamahalagang yaman ng bansang ito dahil tayo ang magpapaikot sa industriya sa darating na panahon.
10. Ang bansang Pilipinas ang pinakamaganda at pinakamabuting bansa para sa ating mga Pilipino.

**Tsart:**

| Panghalip | Kailanan | Anyo |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |
| 5. | | |
| 6. | | |
| 7. | | |
| 8. | | |
| 9. | | |
| 10. | | |

REX iNTERACTIVE
The online educational portal
for teachers, students, and parents

# Ikatlong Markahan Baitang 8
# Supplemental Lesson Plan

**Aralin 6: Pagkilala sa mga Panghalip na Pananong**

**Mga Kagamitan:** Larawan ng mga naging pangulo ng Pilipinas

**A. Panimula**

Magpakita ng larawan ng mga naging pangulo ng Pilipinas. Ipalarawan sa mga mag-aaral ang pangulong nakikilala nila.

Maaaring tanungin ang mga mag-aaral tungkol sa kung ano ang alam nila tungkol sa pangulong nasa larawan.

**B. Katawan**

**1. Talakayan sa Klase**

Pangkatin sa lima ang klase at tatalakayin ng bawat pangkat ang problemang kinakaharap ng bansa sa kasalukuyan. Pipili ng paksang tatalakayin ng bawat grupo sa pamamagitan ng palabunutang inihanda. Magtakda ng sapat na oras upang matalakay ng mga mag-aaral ang paksang nabunot nila. (Maaaring magpalit ng paksa.)

Pagkatapos ng talakayan, mag-uulat ang bawat grupo sa pamamagitan ng isang tagapag-ulat na pinili ng pangkat.

Magkaroon ng mga palitan ng ideya at tanong ang klase pagkatapos mag-ulat ng bawat pangkat.

Mga paksa:

a. Paglubha ng trapik
b. Patuloy na pag-init ng daigdig
c. Korapsyon sa pamahalaan
d. Patuloy na pagdami ng mga mag-aaral na hindi nasasabayan ng pagdami ng mga silid-aralan
e. Pagtaas ng presyo ng mga bilihin

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pagkaunawa sa mga panghalip na pananong

**Pamantayang Pagganap:**

Nakapagbibigay ng sariling opinyon o pananaw tungkol sa mga problemang kinakaharap ng bansa

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nauunawaan at naipaliliwanag ang mga panghalip na pananong
2. Nagagamit ng wasto sa paghahanap ng impormasyon at dagdag na kaalaman


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**2. Kasanayang Panggramatika**

Talakayin ang Panghalip na Pananong.

Ginagamit ang mga panghalip na pananong bilang panghalili sa ngalan ng tao, bagay, hayop, pangyayari, at iba pa na ginagamkit sa pagtatanong. Karaniwang ginagamit ang panghalip na pananong upang makakuha ng impormasyon.

**Tsart ng Panghalip na Pananong**

| **Kailanan ng Panghalip na Pananong** | | **Gamit** |
|---|---|---|
| **Isahan** | **Maramihan** | |
| Ano | Ano-ano | Ngalan ng bagay, hayop, at pangyayari |
| Sino | Sino-sino | Ngalan ng tao |
| Alin | Alin-alin | Ngalan ng bagay at hayop |
| Kanino | Kani-kanino | Ngalan ng tao |

Mga halimbawa:

a. Sino ang hahalili sa iyo bilang pangalawang pangulo?

b. Sino-sino ang magboboluntaryong sumama sa *medical mission* sa Sorsogon?

c. Alin sa mga pusang iyan ang gusto mo?

d. Alin-alin ang magkakapareho sa mga platong iyan?

e. Kanino ang nawawalng bag na nakita ng gwardiya kanina sa palaruan?

f. Kani-kanino ang mga baon na inilagay sa mesa sa *canteen*?

**3. Pagsasanay**

Salungguhitan ang mga panghalip na pananong sa sumusunod na mga pangungusap at sabihin ang panauhan at anyo ng mga ito.

a. Sino-sino ang kakain sa bahay?

b. Sino ang tutulong sa akin na magluto?

c. Alin ang pinakamalaking barko sa mga nakita mo sa pier?

d. Alin-alin sa mga ito ang lulutuin mong ulam para sa pista?

e. Kanino mo ihahabilin ang bahay kapag umalis ka?

f. Kani-kanino kaya natin ipapamahagi ang mga naipon nating aklat?

g. Sino ang maghahanda ng mga tanong para sa gagawin nating interbyu?

h. Sino-sino kaya ang iinterbyuhin natin para sa ating takdang-aralin?

i. Alin sa mga tanong kaya ang masasagot nila?

j. Kanino natin ipapatsek ang ginawa nating sanaysay?

REX iNTERACTIVE
The online educational portal
for teachers, students, and parents

C. **Kongklusyon**

1. Pangkatin sa lima ang klase at hayaang maglista sila ng mga tanong para sa isang interbyu tungkol sa isang paksa. Pipili ng paksang tatalakayin ang bawat grupo sa pamamagitan ng palabunutang inihanda ng guro. Ang paksang nasa palabunutan ay siya ring paksa na pinag-usapan nila sa **Talakayan sa Klase**.
2. Maglaan ng sapat na panahon ang guro para maisagawa ng mga mag-aaral ang interbyu sa labas ng klasrum.
3. Aayusin ng bawat grupo ang sagot sa mga tanong nila at iuulat ito sa klase ng isang *reporter* na pipiliin ng grupo.
4. Magkakaroon ng mga palitan ng ideya at tanong ang klase pagkatapos mag-ulat ng bawat grupo.

   Mga paksa:

   a. Paglubha ng trapik
   b. Patuloy na pag-init ng daigdig
   c. Korapsyon sa pamahalaan
   d. Patuloy na pagdami ng mga mag-aaral na hindi nasasabayan ng pagdami ng mga silid-aralan
   e. Pagtaas ng presyo ng mga bilihin


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**